San Francisco Immigrant Legal & Education Network
三藩市移民法律和教育網絡
La Red Legal Y Educativa De Inmigrantes De San Francisco

EMERGENCY TOOLKIT 2017

Ang polyetong ito ay naglalaman ng mga sumusunod:

- Mahahalagang impormasyon hinggil sa iyong istatus pang-imigrasyon
- Ang iyong mga karapatan kapag nakaengkwentro ka ng pulis, opisyal ng imigrasyon, o ahente ng customs
- Mga suhestyon sa paghahanda ng planong pang-emergency para sa inyong pamilya

TUMAWAG PARA HUMINGI NG TULONG SA SARILING LENGGWAHE:

English: (415) 282-6209 x115
Español: (415) 431-4210
華語: (415) 761-3222
العربية: (415) 861-7444
Filipino: (415) 333-6267

Kung may ICE Raid, agad na tumawag sa (415) 200-1548

**Ang pulyetong ito ay naglalayong makapagbigay ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito pamalit sa indibidwal na payong legal. Kung ikaw ay isang residente ng San Francisco na mababa ang kinikita, may karapatan kayo sa libreng payong panglegal mula sa SFILEN (San Francisco Immigrant Legal & Education Network).

Ang San Francisco Immigrant Legal & Education Network (SFILEN) ay isang kalipunan ng labintatlong (13) organisasyong nagbibigay nang libre o abot-kayang tulong ng abogado at edukasyon para sa migranteng komunidad ng San Francisco na may pagsaalang-alang sa kultura at lenggwahe ng mga migrante. Kinakatawan nito ang mga migrante mula sa mga komunidad ng Aprika, Arabo, Asyano, at Latino, at may kakayahang makatulong sa mahigit kumulang dalawampung (20) lenggwahe. Ilang serbisyong ibinibigay nito ay:

LIBRENG SERBISYO LEGAL HINGGIL SA IMIGRASYON
LIBRENG TULONG NA REKURSO SA INYONG LENGGWAHE
IMPORMASYON HINGGIL SA MGA PAGBABAGO SA BATAS PANG-IMIGRASYON AT ANG INYONG MGA KARAPATAN

SFILEN

San Francisco Immigrant Legal & Education Network (SFILEN)
African Advocacy Network | Arab Resource & Organizing Center | Asian Law Caucus
Asian Pacific Islander Legal Outreach | CARECEN | Causa Justa Just Cause
Chinese for Affirmative Action | Dolores Street Community Services
Filipino Community Center | La Raza Centro Legal
La Raza Community Resource Center | Mujeres Unidas y Activas | PODER

www.sfilen.org

UNAWAIN ANG IYONG ISTATUS PANG IMIGRASYON:

KUNG MAY GREEN CARD, DACA o Temporary Protected Status, O WALANG PAPEL

Karamihan ng mga tao ay nabibilang sa isa sa tatlong kategoryang sumusunod: May Green card [o kaya ay tinatawag na legal permanent resident (LPRs)], DACA/TPS, o walang papel.

	May Green Card	**DACA/TPS**	**Walang Papel**
Mga dokumentasyon	Green Card	Permit para sa pagtatrabaho, Social Security Card	Walang papel mula sa gobyernong E.U.
Pwede ka bang ma-deport?	Oo, kung lalabag ka sa ilang mga ispesipikong batas.	Oo, kung lalabag sa ilang mga ispesipikong batas at kung magpasya ang gubyerno na hindi ka na pinapayagang manatili sa Estados Unidos.	Oo, pero maaaring may karapatan kang labanan ang iyong kaso sa korte.
Pwede ka bang makapagtrabaho ng legal at makakuha ng social security number?	Oo	Oo, pwede kang magtrabaho ng legal kapag meron kang permit na makapagtrabaho na magpapahintulot sa iyong kumuha ng social security number; ganunpaman pwede pa rin itong bawiin.	Hindi (pero may mga sitwasyon kung saan pwede kang payagang makapagtrabaho - kung kayo ay kasalukuyang kinasuhan ng imigrasyon, kumunsulta sa abogado.
Pwede ka bang bumoto?	Hindi	Hindi	Hindi
May karapatan ka bang makapag-aral?	Oo	Oo	Oo
Pwede ka bang humingi ng financial aid para sa kolehiyo?	Oo	Oo, sa CA (sa ilalim ng CA Dream Act AB 130 at 131 at ng AB 540 pero may mga kondisyon/paghihigpit)	Oo, sa CA (sa ilalim ng CA Dream Act AB 130 at 131 at nang AB 540 pero may mga kondisyon/paghihigpit)
Pwede ka bang makakuha ng lisensya?	Oo	Oo sa CA (sa ilalim ng AB60)	Oo sa CA (sa ilalim ng AB60)
Pwede ka bang tumawag ng tulong mula sa pulis o bumbero?*	Oo	Oo	Oo
Pwede ka bang makakuha ng social security number at mga benepisyo?	Oo	Oo	Hindi
Pwede ba kayong tumulong sa pamilya mo na nais mandayuhan?	Oo, pero mag ilang paghihigpit	Hindi	Hindi
Pwede ka bang maglakbay sa labas ng US?	Oo, basta hindi pang-matagalan pwera nalang kung humingi kayo nang permiso sa gubyerno	May iilang kalagayan na pwedeng payagan pero kailangang humingi ng espesyal na permiso upang panandaliang maglakbay sa labas ng bansa; kumonsulta sa isang abogado.	Karaniwan, hindi- kadalasan pag umalis kayo, hindi ka na makababalik ng ligal

Kinuha mula sa Immigrant Legal Resource Center, "Living in the United States: A Guide for Immigrant Youth", 2015

*Ang San Francisco ay mayroong Sanctuary City Ordinance, na nagpapahintulot sa lahat ng migrante para maka-kuha ng pangunahing serbisyo na hindi inuusisa ukol sa kanilang istatus pang-imigrasyon. Halimbawa, pwedeng makakuha ang kahit sino ng serbisyong pang emergency, serbisyong pang edukasyon, at tulong mula sa kagawarang ng pulisya ng San Francisco.

Mamamayan man o hindi, meron kang karapatan sa ilalim ng Konstitusyon ng Estados Unidos.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN:

KAPAG MAKAKATAGPO NANG PULIS, IMIGRASYON, O AHENTE NG CUSTOMS

Sa ilalim ng ika-limang (5) Amendment: Pangalan lang ang kailangan mong ibigay at hindi kailangang sumagot sa iba pang katanungan ng mga Pulis, Federal Bureau of Investigation (FBI) or Immigration and Customs Enforcement (ICE). Hindi mo kailangang sumagot sa kahit sino, kahitpaman kayo ay inaresto.

- √ **May karapatan kang kumunsulta ng abogado.**
- √ **May karapatan kang sa serbisyong pagsasalin o paliwanag sa sariling lenggwahe.**
- √ **Hindi pwedeng pumasok ang ICE sa inyong tahanan nang walang order ng hukuman.**
- √ **Huwag sagutin ang kanilang mga katanungan kahit na ikaw ay nasisindak.** (Ibigay lamang ang iyong pangalan)
- √ **Huwag payagang maghalughog ng walang permiso mula sa inyo.** (Pwede ka lamang nilang kapkapan)
- √ **Huwag pipirma ng kahit anupaman.**
- √ **Huwag magpakita ng pekeng dokumento sa ahente.**
- √ **Laging tandaan ang telepono ng isang organisasyon o ng abogado na maaaring tumulong sa iyo.**
- √ **Tandaan na laging itala ang impormasyon ng ahente.** (Halimbawa, ang kanilang pangalan, ahensyang pang gubyerno, at numero ng lisensya)

ANO ANG DAPAT NINYONG SABIHIN:

1. Pinipili kong manatili ng tahimik.
2. Kailangan ko nang tulong magsalin sa Tagalg o Filipino.
3. Tanungin, "Pwede na ba akong umalis?"
   Kung ang sagot nila ay **HINDI: Humingi nang abogado.**
   Kung ang sagot nila ay **OO: Maglakad paalis, huwag tumakbo!**
4. Gusto kong tawagan ang organisasyon o abogadong ito: _____

Contact number: _____

PLANONG PANG-EMERGENCY PARA SA INYONG PAMILYA:

PAGHAHANDA PARA SA IYO AT SA IYONG PAMILYA

Kung sakaling may emergency, kagaya ng pagka-aresto o sa pangyayari ng isang natural na sakuna, importanteng magkaroon ng isang planong pang-emergency para sa iyong pamilya. Ang pagkakaroon ng planong pang-emergency na alam ng iyong pamilya ay makatutulong sa pananatili ng kaligtasan at pagkalma ng iyong mga kapamilya.

IHANDA ANG IYONG SARILI:

- ☐ Laging magdala nang porma nang pagakakakilanlan (kung meron ka nito).
- ☐ Magkaroon ng isang kard na nakasulat ang mga pangalan, numero, at address nang mga kontak na pwede mong makausap sa oras ng emergency (halimbawa, abogadong pang imigrasyon o organisasyong pang komunidad). Kung posible, memoryahin ang mga numerong ito.
- ☐ Siguraduhing alam ng iyong pamilya ang iyong A- Number* (kung meron ka nito), buong pangalan, at araw nang kapanganakan.
- ☐ Siguraduhin na ang iyong pamilya ay may anumang mga dokumentong pang imigrasyon sa isang folder upang maaari nilang ipakita ang mga ito sa isang abogadong pang imigrasyon sa kaganapan na ang isang pangyayari. Gayundin, siguraduhin na ang isang miyembro ng pamilya o isang pinagkakatiwalaang kaibigan ay nakakaalam ng iyong kasaysayan ng imigrasyon.
- ☐ Suriin at tandaan ang iyong mga karapatan kapag nakaharap sa pulis, imigrasyon, o ahente ng customs.

IHANDA ANG IYONG PAMILYA:

- ☐ Magplano ng maaga kasama ang inyong pamilya tungkol sa kung ano ang gagawin, kung sino ang tatawagan, at kung saan kayo magkikita sakaling merong isang emergency.
- ☐ Gumawa ng mga kaayusan nang maaga para sa pangangalaga ng mga anak o mga matatanda. Tandaang isama ang mga kontak na ito sa emergency card ng iyong anak para sa kanilang paaralan.
- ☐ Siguraduhing kasalukuyang tama ang mga impormasyon ng lahat ng kontak at ilagay ito sa isang lugar na madaling makuha.
- ☐ Magtago ng mga kopya ng lahat ng papeles at dokumento pang-imigrasyon at iba pang importanteng dokumento sa isang ligtas na lugar o sa isang kaibigang mapagkakatiwalaan.

*Ang inyong A- Number ay ang walo hanggang siyam (8-9) na bilang na numero na naguumpisa sa letra "A" sa inyong Green Card o Bisa at iba pang dokumentong pang imigrasyon.

IMPORTANT NUMBERS TO KNOW:

TUMAWAG SA SFILEN PARA SA LIBRENG SERBISYO LEGAL:
English: (415) 282-6209 x115
Español: (415) 431-4210
華語: (415) 761-3222
العربية: (415) 861-7444
Tagalog: (415) 333-6267

Mga iba pang Hotlines at Numerong Makakatulong:

Hotline ng Korteng pang Imigrasyon
1-800-898-7180
(Tumawag para sa iskedyul ng mga hearing para sa Korte ng Imigrasyon. Kakailanganin ninyo ang A-Number ng taong hinahanap ninyo)

Korteng pang Imigrasyon sa San Francisco
Para sa mga kasong hindi nakakulong
120 Montgomery Street, Suite 800
San Francisco, CA 94104
(415) 705-4415

Para sa mga kasong nakakulong
630 Sansome Street
(415) 705-1033

Mga Kulungan at mga Tampukan nang Deportasyon:

Opisina ng Detensyon at Pagpapaalis sa San Francisco (DRO)
(415) 844-5512

Pasilidad ng Detensyon sa Contra Costa West County
(415) 844-5512

Kulungan sa Yuba County, Marysville, Ca
(530) 749-7740

Tampukan ng Kulungan sa Rio Cosumnes
(916) 329-4300

Online na Paghahanap ng mga nakulong ng ICE
https://locator.ice.gov/odls/homePage.do

San Francisco Immigrant Legal & Education Network
938 Valencia Street
San Francisco, CA 94110
P: 415.282.6209 x115
F: 415.282.2826
www.sfilen.org

FAMILY EMERGENCY PLAN

TANDAAN!

1. Maagang gumawa nang kaauyasan sa pangangalaga ng mga anak kung sakaling magkaroon nang emergency.
2. Panatilihing tama hanggang sa kasalukuyan ang lahat na ipormasyon ng mga kontak at ilagay ito sa isang lugar na madaling makuha o madali mong makita.
3. Magtabi ng kopya ng lahat mong mga papeles at dokumentong pang imigrasyon at iba pang importanteng dokumento sa isang ligtas na lugar.
4. HUWAG IBAHAGI ANG KARD NA ITO SA MGA AHENTE NANG IMIGRASYON O SA MGA PULIS!

Impormasyon ng Kontak kung may Emergency:

Pangalan: _____

Tirahan: _____

Telepono: (Araw) _____

(Gabi)_____

Relasyon: _____

Impormasyon nang Kontak para sa Organisasyong pang Komunidad o Abogado:

Pangalan: _____

Telepono: _____

Miyembro ng Pamilya #1:

Buong Pangalan: _____

A-Number: _____

Araw ng Kapanganakan: _____ SelPon: _____

Miyembro ng Pamilya #2:

Buong Pangalan: _____

A-Number: _____

Araw ng Kapanganakan: _____ SelPon: _____

Miyembro ng Pamilya #3:

Buong Pangalan: _____

A-Number: _____

Araw ng Kapanganakan: _____ SelPon: _____

Miyembro ng Pamilya #4:

Buong Pangalan: _____

A-Number: _____

Araw ng Kapanganakan: _____ SelPon: _____

Saan Magkikita sa Kaganapan ng Emergency: _____

*Ang inyong A- Number ay ang sampung (10) digit na numbero na naguumpisa sa letra "A" sa inyong Green Card o Bisa.

LISTAHANG NG MGA IMPORMASYON AT DOKUMENTO

Importanteng malaman na impormasyon

- ☐ A-number (8-9 na digit na numero na pwedeng magumpisa sa letra A karaniwan sa inyong dokumentong pang imigrasyon)
- ☐ Kailan ang susunod ninyong petsa sa pagpunta sa korte o hearing?
- ☐ Listahan ng lahat na mga lugar kung saan kayo pumasok at lumabas nang bansang U.S. (isama ang mga petsa, lugar, katayuan, at kung nahuli ng imigrasyon o pulis)
- ☐ Listahan ng lahat ng miyembro ng pamilyang na nasa U.S. (asawa, anak, mga magulang, mga kapatid)
- ☐ Humingi ka na ba ng konsiderasyong relief para sa imigrasyon noon?
- ☐ Meron ba o nagkaroon ka na ba ng paglilitis bago madeport o kaya ay order na alisin ka sa bansa?
- ☐ Meron ka bang anumang rekord na kriminal? (pagka-aresto, saang lugar, dahil sa ano, at dokumentasyon ng kung anong nangyari sa korte)
- ☐ May takot ka ba sa dahilang ikaw ay sasaktan o pagmamalupitan kung ikaw ay babalik sa bansang pinagmulan?
- ☐ Naging biktima ka ba kahit anong krimen sa U.S.?
- ☐ Meron ka bang malubhang kalagayang medikal o nagmemedikasyon para sa isang malubhang sakit?

Mga dokumentong kailangang itabi sa ligtas na lugar

- ☐ Mga sertipiko nang kapanganakan (sa iyo at ng mga miyembro ng iyong pamilya)
- ☐ Anumang porma ng pagkakakilanlan
- ☐ Pasaporte (kung meron ka nito)
- ☐ Kahit anong klase ng dokumentong pang imigrasyon
- ☐ Kahit anong dokumentong kriminal kung kayo ay naging biktima o pinaghinalaan ng krimen
- ☐ Dokumentong pruweba ng kahit anong malubhang sakit o kalagayan